# Pangkalahatang Buod sa Proseso ng Pagpaparating ng Reklamo ng Komunidad sa Espesyal na Edukasyon (SECC) – Laban sa OSPI

Tumatanggap ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ng Tanggapan ng Tagapangasiwa ng Pampublikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction, OSPI) ng kumpletong reklamo ng komunidad sa espesyal na edukasyon na ihinain laban sa OSPI. **(Araw 1)**

↓

Makikipag-ugnayan at ipapadala ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ng OSPI ang reklamo sa Punong Opisyal ng Legal at mga Sibil na Karapatan (Chief Legal and Civil Rights Officer, CLCRO)

↓

Susuriin ng CLCRO ang reklamo at itatalaga ito sa isang imbestigador ng reklamo (Imbestigador) mula sa Dibisyon ng mga Ugnayang Legal ng OSPI sa loob ng **dalawang araw ng negosyo**. Kailangang walang salungatan ng interes ang Imbestigador.

↓

Bubuksan ng Imbestigador ang reklamo at mag-i-email ng pambungad na sulat sa nagrereklamo at sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ng OSPI, na isinasaad ang (mga) isyung iimbestigahan sa loob ng **dalawang araw ng negosyo**.

↓

May **17 araw ng negosyo** ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ng OSPI para tugunan ang (mga) isyung tinukoy na iimbestigahan.

↓

Tatanggapin ng Imbestigador ang tugon sa reklamo ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ng OSPI. Mag-i-email ang Imbestigador ng kopya ng tugon sa nagrereklamo sa loob ng **isang araw ng negosyo**.

↓

Ang nagrereklamo ay may **10 araw ng kalendaryo** mula sa araw ng pagkatanggap* para sumagot kasama ang anumang karagdagang impormasyon na gusto nilang isaalang-alang ng Imbestigador bilang bahagi ng imbestigasyon. *Maliban kung binigyan ng pagpapalawig ng OSPI.

↓

Magbibigay ang Imbestigador ng kopya ng sagot ng nagrereklamo sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ng OSPI sa loob ng **isang araw ng negosyo**.

↓

Susuriin ng Imbestigador ang lahat ng impormasyong ibinigay ng nagrereklamo at ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ng OSPI bilang bahagi ng imbestigasyon.

↓

Kung kinakailangan, hihilingin ng Imbestigador sa nagrereklamo o sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ng OSPI na magbigay ng karagdagan o paglilinaw na impormasyon.

↓

Sa loob ng **50 araw** mula nang orihinal na matanggap ng OSPI ang reklamo, magpapadala ang Imbestigador ng draft ng desisyon sa CLCRO para sa pagsusuri at pag-apruba. Pipirmahan ng Punong Opisyal sa Pagtuturo (Chief Learning Officer, CLO) ang pinal na desisyon kasunod ng pag-apruba.

↓

Ii-email ng Imbestigador ang pinirmahang desisyon sa nagrereklamo at sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ng OSPI nang hindi lalampas sa 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa kung kailan natanggap ng OSPI ang reklamo. **(Araw 60)**

Ang Pangkalahatang Buod ng Proseso sa Reklamo ng Komunidad sa Espesyal na Edukasyon (Special Education Community Complaint, SECC) – Laban sa OSPI ng Tanggapan ng Tagapangasiwa ng Pampublikong Pagtuturo ay lisensyado sa ilalim ng Lisensya para sa Pagkilala mula sa Creative Commons.

Nobyembre 2021